

PAMBANSANG PROGRAMA SA INSYURANS SA BAHA

INSURANCE SA BAHA PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN



FEMA



Bakit Kailangan ng Mga Nangungupahan ng Insurance sa Baha?

Pagkatapos ng baha, ang mga nangungupahan ay maaaring magbayad ng libu-libo mula sa sarili nilang bulsa upang palitan ang mahahalaga nilang mga gamit na nasira ng tubig. Protektahan ang mga item na iniingatan mo gamit ang renters flood insurance policy mula sa Pambansang Programa sa Insurance sa Baha (NFIP, acronym sa Ingles).

Kahit maaaring may insurance sa baha ang iyong landlord na sasagot sa gusaling tinitirhan mo, hindi sasagutin ng kanilang insurance policy ang personal mong mga gamit. Bukod pa rito, kayang sagutin ng isang standard na renters insurance policy ang iyong mga personal na gamit mula sa pagnanakaw, pinsala na dulot ng hangin o sunog, ngunit karaniwang hindi nito sinasagot ang pinsala ng baha.

Maaaring mangyari ang pagbaha kahit saan, **kahit na malayo ka sa tubig**. May maraming nakatagong panganib sa baha na maaaring makapinsala sa iyo at sa iyong mga gamit, tulad ng:



Mga tinangay ng baha mula sa bagong tinatayong gusali



Nasirang mga dike o nakawalang tubig mula sa mga dam



Biglaan at malakas na pag-ulan



Pabagu-bagong takbo ng panahon na nagdudulot ng malalakas na pag-ulan, malalaking sunog at pagbaha ng putik



Mabilis na pagkatunaw ng niyebe



Alam Mo Ba?

Kung makaranas ka ng pagbaha, maaari kang humingi ng pederal na tulong sa kalamidad—ngunit maaaring hindi ito sapat upang lubos na makabangon. Ang pederal na tulong sa kalamidad ay makukuha lamang pagkatapos magdeklara ng kalamidad ang pangulo at karaniwan itong isang loan o pautang na dapat bayaran nang may interes.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga panganib ng baha, tingnan ang Mga Nakatagong Panganib ng Baha na infographic sa agents.floodsmart.gov/urban-flooding-infographic (sa Ingles lang).

Anumang panganib sa baha ang mayroon ka, ang NFIP flood insurance policy na ginawa para sa mga nangungupahan ay magbibigay ng kapayapaan ng isip dahil alam mong naka-insure ang iyong mahahalagang mga gamit.

Aling NFIP Policy ang Available sa Mga Nangungupahan?

Ang isang NFIP **polisa ng insyurans sa baha na para sa laman lang**, na minsan ay tinutukoy bilang polisa sa insyurans sa baha para sa mga nangungupahan, ay kayang mag-insure ng mga personal item sa iyong inuupahang unit na nasira ng baha.

Itong hiwalay na insurance policy ay kayang sumagot ng libu-libong dolyar na halaga ng personal na ari-arian na nasira ng baha. Kung wala ito, kakailanganin mong palitan ang lahat ng damit, mga kasangkapan, electronics at iba pang ari-arian na nasira ng baha mula sa sarili mong bulsa.

PAGIGING KUWALIPIKADO

Ang sinumang nangungupahan na nakatira sa komunidad na lumalahok sa NFIP ay maaaring bumili ng insurance sa baha sa pamamagitan ng NFIP. Upang malaman kung lumalahok ang inyong komunidad sa NFIP, tingnan ang Aklat ng Katayuan ng Komunidad sa fema.gov/community-status-book (sa Ingles lang) o kumontak sa isang opisyal ng komunidad o ahente ng insyurans.

Ano ang Sinasagot ng Insyurans sa Baha Para sa mga Nangungupahan?

Ang coverage sa mga nilalaman sa mga inuupahang yunit na nasa itaas ng pinakamababang nakaangat na palapag ay sasagot sa hanggang \$100,000 na halaga ng ari-arian na pag-aari ng nangungupahan. Kabilang dito ang:



KUWARTO

- Damit
- Mga kasangkapan sa kuwarto
- Kutson at sapin sa kama



BANYO

- Mga mat ng banyo
- Mga kurtina sa shower
- Mga gamit sa banyo



SALA

- Kasangkapan (hal. mga sofa at mesa)
- Mga rug
- Mga libro
- Telebisyon at mga electronic



KUSINA

- Kasangkapan (hal. mesa at upuan sa kusina)
- Mga gamit sa kusina
- Refrigerator at mini refrigerator



Ang coverage para sa mga nilalaman sa ibaba ng pinakamababang nakaangat na palapag o sa isang basement o basement apartment ay limitado sa washer, dryer, freezer at ang pagkain sa loob nito.

Naaaplay ang isang espesyal na limit na \$2,500 sa mga artwork, naka-autograph na mga item, alahas, furs at/o personal na ari-arian na ginagamit sa negosyo. Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa iyong policy, kumontak sa iyong insurance agent.



Paano Kinakalkula ang Mga Halaga ng Insyurans sa Baha Para sa mga Nangungupahan?

Maraming salik ang isinasaalang-alang sa pagtukoy sa premium ng renters flood insurance. Ang paraan ng NFIP sa pagpepresyo ay kumikilala sa iba't ibang salik sa panganib ng baha tulad ng dalas ng pagbaha, uri ng baha (pag-apaw ng ilog, pagragasa ng bagyo, pagguho ng baybayin o malakas na pag-ulan) at layo sa pinagmumulan ng tubig. Isinasaalang-alang din nito ang mga katangian ng ari-arian gaya ng kung gaano ito kataas.

Maaaring kalkulahan ang iyong renters flood insurance premium batay sa mga salik tulad ng:



Edad ng gusali



Mga nakaraang claim sa gusali



Paggamit sa gusali



Iyong deductible



Bilang ng palapag



Halaga ng iyong coverage



Lokasyon ng mga nilalaman

Paano Ako Magsisimulang Kumuha ng Insurance sa Baha?

Ang unang hakbang tungo sa pagpoprotekta sa iyong mga ari-arian ay kumuha ng isang quote para sa polisa sa insurans sa baha para sa mga nangungupahan. Kumontak sa iyong insurance company o sa isang independent na insurance agent na awtorisadong mag-isyu ng flood insurance policy nang direkta sa NFIP.

Kung wala kang insurance company o kung ang insurance agent mo ay hindi nagbebenta ng insurance para sa baha, gamitin ang aming online tool sa floodsmart.gov/find (sa Ingles lang) o tumawag sa **800-621-3362**.

Ang mga NFIP policy ay may 30 araw na paghihintay pagkatapos itong bilhin bago magkabisang mga ito, **kaya huwag ipagpaliban**.



Mga Karagdagang Sanggunian at Contact Information

Alamin ang higit pa tungkol sa NFIP sa aming Mabilisang Mga Katotohanan sa Infographic ng Mga Baha at Insurance ng Baha sa agents.floodsmart.gov/fast-facts-infographic (sa Ingles lang). Kung may basement ang iyong rental unit, bumisita sa agents.floodsmart.gov/basement-coverage-infographic (sa Ingles lang) upang maunawaan ang ilang mga pagkakaiba sa coverage.

Maaari ka ring tumawag sa FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX, acronym sa Ingles) Customer Care Center sa pag-chat nang live sa isang specialist mula 9 am hanggang 5 pm ET Lunes-Biyernes, sa pag-email sa FEMA-FMIX@fema.dhs.gov o sa pagtawag sa **877-336-2627**.

Para sa higit pang mga detalye tungkol sa panganib sa baha sa iyong rental property, bisitahin ang Sentro ng Serbisyo sa Mapa ng Pagkain ng FEMA sa msc.FEMA.gov/portal/home (sa Ingles lang).



FEMA



Ginawa ng Kongreso ang National Flood Insurance Program (NFIP, acronym sa Ingles) noong 1968 upang pababain ang pinsala ng baha sa hinaharap sa pamamagitan ng pamamahala sa mga binabahang lugar, at upang mabigyan ang mga tao ng insurance sa baha sa pamamagitan ng mga indibidwal na agent at mga kompanya ng insurance. Pinangangasiwaan ng FEMA ang NFIP. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NFIP flood insurance, tumawag sa **800-621-3362**.

Kung gagamit ka ng relay service, gaya ng video relay service (VRS, acronym sa Ingles), may caption na serbisyo sa telepono o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Para sa pinaka-up-to-date na bersyon ng sangguniang ito, bisitahin ang agents.floodsmart.gov/baha-insurance-nangungupahan.

NFIP Flood Insurance for Renters Brochure – Tagalog, September 2024
Setyembre 2024 | P-2108TL